



USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE



Activity Packet

Community-Based Disaster Risk Reduction and Management (CBDRRM) Orientation

Training duration: [4 na oras]



Since its establishment in 2009, PDRF has developed into a nationwide platform that mobilizes, informs and directs business engagements for disaster management. It supports cross-sector coordination and collaboration in dealing with natural and man-made hazards. It engages the country's largest businesses (with 84 corporate members from different industries) as well as micro entrepreneurs and small and medium-sized enterprises. It aims to enhance national disaster preparedness and recovery capacity, and to strengthen the private sector's ability to respond to disasters and emergencies. Furthermore, it strives to promote innovative approaches in mainstreaming business and public sector continuity as a process-based approach to improving disaster resilience.

Email Address: pdrf.opscenter@gmail.com
Contact No.: (+63) (02) 844-2700
Website: www.pdrf.org



The Center for Disaster Preparedness (CDP) is known in the Philippines and in the Asia-Pacific Region as one of the pioneers in the field of community-based disaster risk reduction and management (CBDRRM) and climate change adaptation (CCA). With handholding and mentoring approach, it works with government and non-government organizations, people's organization, communities and international agencies in various countries to enhance their capacities in disaster prevention and mitigation, preparedness, emergency response and rehabilitation and recovery. CDP reaches out to more communities and spreads the message of resilience through advocacy in DRR policies, research, capacity-development programs and activities, and implementation of projects in community-based climate and disaster risk reduction and management.





USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE



Email Address: cdp.phil@gmail.com Contact No.: (+63) (02) 361-2191 Website: www.cdp.org.ph	
--	--

Background Note

The Philippine Disaster Resilience Foundation (PDRF) initiated a one-year project, entitled *Strengthening Public-Private Partnership in DRR to Build Resilient Communities*, which aims to build capacities of two communities, including families, their livelihoods, and small and medium enterprises; to mitigate risks that hazards bring about; to prepare for disasters and protect common critical assets that nurture the community and make it thrive.

To fully realize the objectives of the project, the Center for Disaster Preparedness (CDP) was chosen by PDRF to be one of its implementing partners. CDP is thereby tasked to provide Community-Based Disaster Risk Reduction and Management orientations, as well as Community Risk Assessment workshops to barangays Bagumbayan and Commonwealth in Quezon City.

Community-Based Disaster Risk Reduction and Management (CBDRRM) Orientation

1.1 Purpose and Goal of this Orientation

Maipaunawa sa mga kalahok ang kahalagahan ng pagsasagawa ng *Community-Based Disaster Risk Reduction and Management (CBDRRM) at Climate Change Adaptation and Mitigation (CCAM)*.

Overall Objectives

1. Maipaliwanag kung bakit madalas nakararanas ng iba't ibang bantang panganib ang Pilipinas.
2. Mailarawan ang mga batayang konsepto ng DRRM at CCAM at ang kaugnayan ng mga ito sa isa't isa.
3. Maipaliwanag ang proseso at kahalagahan ng CBDRRM bilang isang pamamaraan para mapaghandaan at matugunan ang mga disaster.
4. Maipaliwanag ang legal na basehan sa pagsasagawa ng CBDRRM.

Objective Indicators

Pagkatapos ng gawaing ito, inaasahan na:

1. 80% ng mga kalahok ay alam ang dahilan kung bakit madalas nakararanas ng iba't ibang bantang panganib ang Pilipinas.
2. 80% ng mga kalahok ay alam ang mga batayang konsepto ng DRRM at CCAM, at ang kaugnayan ng mga ito sa isa't isa.
3. 80% ng mga kalahok ay alam ang proseso at kahalagahan ng CBDRRM bilang isang pamamaraan para mapaghandaan at matugunan ang mga disaster.
4. 80% ng mga kalahok ay alam ang mga legal na basehan sa pagsasagawa ng CBDRRM.



1.2 Oras na kakailanganin at Iskedyul ng Oryentasyon

- 4 na oras

Training schedule and estimated time:

Time	Topics	Period
8:00–8:30 am	Preliminaries	30 mins.
8:30–9:10 am	Philippine Disaster Situation	40mins.
9:10–10:25 am	Basic Concepts in DRRM and CCAM	70mins.
10:25–11:00 am	CBDRRM as an approach to DRRM	35mins.
11:00–11:45 am	Legal Basis of CBDRRM	45mins.
11:45 am – 12:00 nn	Pre- and Post-Test Evaluation	15 mins.

-----END-----

Modyul 1: Philippine Disaster Situation

Mga materyales na gagamitin:

- Mga *news clippings* at/o litrato ng mga pangunahin at iba pang disaster na nararanasan sa Pilipinas (optional)
- Masking tape (optional)
- Powerpoint presentation

Oras na gugugulin: 40 minuto

- 40 minuto para sa pagtatalakay ng modyul 1

Mga panuto:

1. Itanong sa mga kalahok kung anu-anong mga disaster ang kanilang naranasan.
2. Magpakita ng mga larawan ng iba't ibang disaster na nararanasan sa Pilipinas.
3. Talakayin ang pisikal na lokasyon ng Pilipinas at kung papaano nito pinatataas ang posibilidad na makaranas ng disaster ang bansa.
4. Ipaliwanag ang ibig sabihin ng *hydro-meteorological at geological hazards*. Magbigay ng mga halimbawa para sa bawat isa.
5. Ibahagi ang iba't ibang naitalang *hydro-meteorological at geological disasters* na tumama sa bansa.
6. Ipaliwanag ang ibig sabihin ng *secondary hazards*. Magbigay ng mga halimbawa.

Modyul 2: Basic Concepts in DRRM and CCAM

Mga materyales na gagamitin:

- Anim na bola (plastic)
- Plastic cover/ tela
- Dalawa o tatlong payong



- Metacards (optional)
- Permanent marker (optional)
- Masking tape (optional)
- Powerpoint presentation

Oras na gugugulin: 70 minuto

- 10 minuto para sa *pre-activity*
- 60 minuto para sa pagtatalakay ng modyul 2

Mga panuto:

Pre-activity: Disaster Dodgeball

1. Maghanap ng malawak na espasyo kung saan maaaring gawin ang aktibidad.
2. Hatiin ang mga kalahok sa tatlo.
3. Tukuyin kung sinong grupo ang maaaring maging “taya.”
4. Papuntahin ang “taya” na grupo sa gitna ng espasyo at papuntahin naman sa magkabilang gilid ang dalawang natitirang grupo.
5. Bigyan ng bola ang mga grupong nasa magkabilang gilid ng espasyo. Kanilang ibabato ang mga bola sa grupong nasa gitna.
6. Layunin ng mga miyembro ng grupong nasa gitna na iwasang matamaan ng mga bola upang hindi sila *ma-out*.
7. Ibigay ang hudyat ng simula ng laro. Magbigay ng dalawang minuto para sa unang *round* o kaya naman ay hintayin na *ma-out* ang lahat ng miyembro ng grupo na nasa gitna.
8. Para sa ikalawang *round*, pabalikin sa kani-kanilang pwesto ang tatlong grupo. Hikayatin ang mga miyembro ng “taya” na grupo na kumuha ng mga pananggalang na makatutulong sa kanila na maiwasan ang *ma-out*.
9. Ibigay ang hudyat ng simula ng ikalawang *round*. Magbigay muli ng dalawang minuto para sa ikalawang *round*. Pagkatapos, pabalikin na sa kani-kanilang mga upuan ang mga kalahok.

Talakayan:

1. Ilarawan ang mga batayang konsepto ng DRRM. Iugnay ang ginawang aktibidad sa pagtatalakay ng mga batayang konsepto.
2. Ipaliwanag ang apat na *thematic areas* ng DRRM. Magbigay ng mga halimbawa para sa bawat *thematic area*.
3. Ipaliwanag ang *climate change* at ang sanhi nito. Magbigay ng halimbawa ng mga pinagmumulan ng *greenhouse gases*.
4. Talakayin ang mga epekto ng *climate change*.
5. Ipaliwanag ang *climate change adaptation* at *climate change mitigation*. Magbigay ng mga halimbawa para sa bawat isa.
6. Ipaliwanag ang kaugnayan ng DRRM at CCAM.

Modyul 3: CBDRM as an approach to DRRM

Mga materyales na gagamitin:

- Kopya ng “Bukluran” video
- Powerpoint presentation

Oras na gugugulin: 35 minuto

- 10 minuto para sa *pre-activity*
- 25 minuto para sa pagtatalakay ng modyul 3



USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE



Mga panuto:

Pre-activity: Buhol-buhol

1. Hatiin ang mga kalahok sa dalawang grupo.
2. Pabilugin ang bawat grupo at siguraduhin na hawak-hawak nila ang kamay ng kanilang mga katabi.
3. May isang grupo na magtutukoy ng kanilang *representative* o kinatawan na siyang mag-aayos ng kanilang pagkakabuhol-buhol.
4. Papuntahin ang *representative* sa isang silid o sulok na malayo sa kaniyang grupo.
5. Sabihan ang dalawang grupo na magbuhol-buhol.
6. Pagkatapos magbuhol-buhol ng dalawang grupo, pabalikin ang *representative* ng isang grupo.
7. Ibigay ang hudyat para ayusin ang pagkakabuhol-buhol.
8. Para sa grupo na may *representative*, hindi maaaring magsalita ang mga miyembro ng grupo at tanging ang kanilang *representative* lamang ang maaaring umayos ng kanilang pagkakabuhol.
9. Para sa grupo na walang *representative*, maaari silang magsalita habang inaayos ang kanilang pagkakabuhol.
10. Ang unang makapag-ayos ng kanilang pagkakabuhol ang siyang mananalo.

Talakayan:

1. Itanong sa mga kalahok ang kanilang saloobin sa katatapos lamang na aktibidad.
2. Ipakita ang “Bukluran” *video* o ang mga karanasan sa CBDRRM ng Brgy. Banaba.
3. Hingiin sa mga kalahok ang kanilang saloobin o ideya hinggil sa kapapanood pa lamang na *video*. Lagumin ang kanilang mga sagot at gamitin ito sa pagsisimula ng talakayan.
4. Ipaliwanag kung ano ang CBDRRM at ang proseso ng pagsasagawa nito.
5. Ipakilala ang *Twin Track Approach* tungo sa inklusibong CBDRRM.
6. Ipaliwanag ang mga katangian ng CBDRRM.
7. Itanong kung mayroon din bang mga karanasan ang komunidad sa pagsasagawa ng CBDRRM.

Modyul 4: Legal Basis of CBDRRM

Mga materyales na gagamitin:

- Powerpoint presentation

Oras na gugugulin: 45 minuto

- 45 minuto para sa pagtatalakay ng modyul 4

Mga panuto:

1. Ipakita ang pagkakaiba ng Presidential Decree 1566 at Republic Act No. 10121.
2. Ibahagi ang mga pangunahing nilalaman ng Republic Act No. 10121 o *Philippine DRRM Act of 2010*.
3. Ibahagi kung sinu-sino ang mga *duty-bearers* na nakasaad sa batas.
4. Ipakita ang mga istrukturang ginagamit sa pagsasagawa ng DRRM.
5. Ipaliwanag ang mga pambansa at lokal na gabay sa pagsasagawa ng DRRM.
6. Talakayin ang kahalagahan ng pagsasagawa ng *Community Risk Assessment*.
7. Ipaliwanag kung papaano maaaring pataasin ang kapasidad at pababain ang bulnerabilidad.
8. Ibigay ang mga halimbawa ng maaaring pagkuhanan at paglaanan ng *Local Disaster Risk Reduction and Management Fund*.



USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE



9. Itanong sa mga kalahok kung papaano naisasakatuparan ang mga probisyon ng batas sa kanilang barangay.